2017

BUOD ng Consolidated Plan ng ESSA ng Washington

Pagtugon sa mga kinakailangan ng Seksyon 8302 ng Batas para sa Edukasyon sa Elementarya at Sekundarya ng 1965 (Elementary and Secondary Education Act of 1965, ESEA), ayon sa pagsusog ng Batas na Magtatagumpay ang Bawat Mag-aaral (Every Student Succeeds Act, ESSA)

DRAFT

U.S. Department of Education

Binago noong: August 7, 2017

Mga Nilalaman

Panimula sa Buod ng Consolidated Plan....3

Tungkol sa Mga Pederal na Programang Pang-edukasyon....4

A. Title I, Part A: Pagpapahusay sa Mga Pangunahing Programa na Pinapatakbo ng Mga Lokal na Ahensyang Pang-edukasyon....6

B. Title I, Part C: Edukasyon ng Mga Migranteng Bata....9

C. Title I, Part D: Mga Programa para Mapigilan at Matulungan ang Mga Bata at Kabataang Pinabayaan, Delingkwente, o Nasa Panganib....10

D. Title II, Part A: Pagsuporta sa Mabisang Pagtuturo....11

E. Title III, Part A, Subpart 1: Pag-aaral ng Wikang Ingles at Pagpapaunlad ng Kaalaman sa Wika....14

F. Title IV, Part A: Suporta sa Mag-aaral at Mga Grant para sa Pagpapayaman sa Edukasyon....15

G. Title IV, Part B: Mga Learning Center sa Komunidad sa Ika-21 Siglo....16

H. Title V, Part B, Subpart 2: Programa para sa Rural at Mababang Kita na Paaralan....17

I. Programa ng Edukasyon para sa Mga Bata at Kabataang Walang Tirahan, McKinney-Vento Homeless Assistance Act, Title VII, Subtitle B....18

Panimula sa Buod ng Consolidated Plan

Naglalaman ang dokumentong ito ng maikling buod ng Consolidated Plan ng ESSA ng Washington para matugunan ang mga layunin ng Every Student Succeeds Act. Pinalitan ng ESSA ang No Child Left Behind noong Disyembre 10, 2015 bilang muling pagpapahintulot sa Elementary and Secondary Education Act. Ganap na paiiralin ang ESSA sa taong panuruan na 2017–18.

Binabago ng ESSA ang mukha ng edukasyon sa buong bansa. Naiaangkop at maluwag ito, kaya magagawa ng mga lokal na distrito ng paaralan na mas mahusay na matugunan ang mga pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral.

Sa pamamagitan ng ESSA, magagawa ng mga estado na alisin ang silo mentality (hindi pagbabahagi ng kaalaman ng isang pangkat sa iba pang pangkat) sa edukasyon, at iangkop ang kanilang mga pondo upang mas mapahusay ang mga resulta para sa mga mag-aaral. Lubos na pinahahalagahan ng ESSA ang pakikipag-ugnayan sa pamilya at komunidad. Direktang tinutugunan ng ESSA ang pagkakaiba-iba sa mga oportunidad sa pag-aaral na kinakaharap ng maraming mag-aaral, na nag-aatas sa sistema ng edukasyon ng estado na subaybayan ang datos tungkol sa pagtuturo sa mga mag-aaral, kanilang mga guro, at mga magagamit nilang tulong upang tiyakin na may access ang lahat ng mag-aaral sa de-kalidad na edukasyon.

Nakatuon ang planong ito sa pagtatagumpay ng mag-aaral. Isa itong mahalagang pagbabago sa sistema ng edukasyon sa ating estado, na nagbibigay-daan sa pagkakaroon natin ng makabago at mahusay na edukasyon para sa 1.1 milyong mag-aaral natin. Bunga ito ng mahigit isang taon na pagsisikap, ng pagtutulungan ng 12 pangkat, isang leadership team, at isang consolidated plan team. Ang mga pangkat ay may mahigit 200 miyembro sa buong estado, kabilang ang mga mula sa mga organisasyong pang-edukasyon, pangnegosyo, ukol sa lahi/etnisidad, pambatas, at pangmagulang. Bukod pa sa pagtanggap ng daan-daang pampublikong komento, naglibot ang leadership team ng OSPI (sa ilalim ng dalawang administration) sa buong estado, kung saan nagsagawa ito ng mga forum sa rehiyon para sa publiko at nakikipagpulong sa mga pinuno mula sa mga komunidad na matagal nang hindi nakakatanggap ng sapat na serbisyo.

Tinutugunan ng ating plano ng ESSA ang mga pagkakaiba-iba sa mga oportunidad sa pag-aaral sa sistema ng edukasyon, at ginagamit ito para magsulong ng pantay-pantay na kakayahan at pagkakataon para sa lahat ng mag-aaral sa Washington. Responsibilidad natin bilang mga guro na ihanda ang bawat mag-aaral – anuman ang kanilang pinagmulan, kita ng pamilya, o lahi/etnisidad – para sa kanilang mga gustong makamit, maging trabaho, at maging buhay pagkatapos ng high school. Nangangahulugan iyon na dapat nating bantayan nang mabuti ang mas komprehensibong lupon ng mga aspetong nauugnay sa pagtatagumpay ng mag-aaral na higit pa sa mga standardized na pagsusulit: ang regular na pagpasok (madalas na pagliban), ikasiyam na baitang hanggang makapagtapos, at mga oportunidad na makakuha ng advanced na kurso.

Tungkol sa Mga Pederal na Programang Pang-edukasyon

Ang mga pederal na programang pang-edukasyon ay nagbibigay ng suporta at pondo sa mga lokal na ahensyang pang-edukasyon para sa mga nanganganib na mag-aaral. Inilalarawan ang mga programa ayon sa titulo, at tinatalakay rito ang maraming aspeto ng ating mga modernong sistema ng edukasyon. Kabilang sa mga ito ang pagpopondo at paggabay para sa pagpapahusay ng mga pangunahing pamamalakad, pagbibigay ng karagdagang suporta para sa mga mag-aaral, pagsuporta sa kalidad ng guro at punong-guro, pagsuporta sa pag-aaral ng wikang Ingles, at pagsasagawa ng mga aktibidad para sa pagpapayaman ng edukasyon. Ang mga nanganganib na mag-aaral, dahil man sa kahirapan, kawalan ng tirahan, pagkakakulong, status bilang migrante, o iba pang salik, ay makakatanggap ng karagdagang suporta upang matulungan silang maabot ang matataas na pamantayan sa paaralan para magtagumpay sa edukasyon at sa buhay.

Nakaayos ang Plan sa mga kabanata ayon sa pederal na programa:

A. **Title I, Part A:** Ibinibigay ng **Pagpapahusay sa Mga Pangunahing Programa na Pinapatakbo ng Mga Lokal na Ahensyang Pang-edukasyon** ang mga natatanging pangangailangan ng mga bata — kindergarten hanggang ika-12 baitang — na nahihirapang matuto. Inilalarawan sa seksyong Title I, Part A ang sistema ng pananagutan ng estado. Tinutukoy ng mga serbisyo ng suporta na nakasaad sa seksyong ito ang mga oportunidad ng mga mag-aaral habang nagsisikap silang matugunan ang mga pamantayang pang-akademiko at mayroon silang interes sa natututunan at magagawa nila. Bilang pinakamatagal at pinamalawak na pederal na programang pang-edukasyon, bumubuo ang mga programa ng Title I, Part A ng pantay na pagkakataon para sa mga batang may mga problema na kadalasang sanhi ng hindi magandang performance sa paaralan.

B. **Title I, Part C:** Tinutulungan ng **Edukasyon ng Mga Migranteng Bata** ang mga migranteng mag-aaral at kabataan sa ating estado na matugunan ang matataas na pamantayan sa akademya sa pamamagitan ng paglampas sa mga pagsubok na sanhi ng madalas na paglipat, pagtigil sa pag-aaral, mga pagkakaiba sa kultura at wika, at mga problemang may kaugnayan sa kalusugan.

C. **Title I, Part D:** Ang **Mga Programa para Mapigilan at Matulungan ang Mga Bata at Kabataang Pinabayaan, Delingkwente, o Nanganganib** ay tumutulong na mapahusay ang mga serbisyong pang-edukasyon para sa mga bata nang sa gayon ay magkaroon sila ng pagkakataong matugunan ang mahihirap na itinuturo sa paaralan ng Estado at ang mga pamantayan sa pagtatagumpay; nagbibigay sa kanila ng mga serbisyo upang matagumpay na makalipat mula sa institusyonalisasyon sa mas mataas na pag-aaral o pagtatrabaho; at tumutulong na pigilan ang kabataang nanganganib na mag-drop out sa paaralan, at upang mabigyan ang mga dropout at bata at kabataang babalik mula sa mga correctional facility ng sistema ng suporta para matiyak ang patuloy na pag-aaral nila.

D. **Title II, Part A:** Pinapataas ng **Pagsuporta sa Mabisang Pagtuturo** ang nakakamit sa pag-aaral ng lahat ng mag-aaral sa pamamagitan ng pagtulong sa mga paaralan at distrito na pagandahin ang kalidad ng guro at punong-guro. Kabilang dito ang paghahanda ng guro at pagkwalipika ng mga bagong guro, pag-recruit at pagkuha, paglululuklok, propesyonal na pag-unlad, at pagpapanatili. Bilang karagdagan, maaaring gamitin ang mga pondo ng Title II, Part A para mapahusay ang mga kakayahan at kaalaman ng mga punong-guro at iba pang pinuno ng paaralan para sa mabisang pamamalakad ng paaralan.

E. **Title III, Part A:** Tinutugunan ng **Pag-aaral ng Wikang Ingles at Pagpapaunlad ng Kaalaman sa Wika** ang mga natatanging pangangailangan ng mga kwalipikadong mag-aaral na may ibang wika at kultura upang mapahusay ang kaalaman sa wika na magiging daan para makakuha ng mga grade level curriculum at edukasyon.

F. **Title IV, Part A:** Ang **Suporta sa Mag-aaral at Mga Grant para sa Pagpapayaman sa Edukasyon** ay nagbibigay sa lahat ng mag-aaral ng balanseng edukasyon kabilang ang mga programa gaya ng pagpapayo para sa kolehiyo at trabaho, STEM, sining, sibika, at mga kurso sa International Baccalaureate/Advanced Placement. Sinusuportahan nito ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng kumprehensibong kalusugan ng pag-iisip sa paaralan, pagpigil sa paggamit ng droga at karahasan, at edukasyong pangkalusugan at pisikal. Panghuli, nagbibigay ito ng suporta para sa mabisang paggamit ng teknolohiya.

G. **Title IV, Part B:** Ang **Mga Learning Center sa Komunidad sa Ika-21 Siglo** ay nagtatayo ng mga learning center sa komunidad na nagbibigay ng mga pagkakataon sa pagpapayaman sa edukasyon sa mga oras sa labas ng paaralan sa mga bata, lalo na sa mga mag-aaral na pumapasok sa mga paaralang may napakataas na porsyento ng mahihirap na mag-aaral at hindi maganda ang performance.

H. **Title V, Part B, Subpart 2:** Ang **Programa para sa Rural at Mababang Kita na Paaralan** ay isang pederal na inisyatibo na idinisenyo upang matugunan ang mga natatanging pangangailangan ng mga rural na distrito ng paaralan. Ang mga distritong ito ay kadalasang kulang sa mga tauhan at mapagkukunang kinakailangan upang makipagsapalaran para sa mga pederal na competitive grant at kadalasang nakakatanggap ng mga formula allocation na masyadong maliit upang magamit nang mabisa para sa mga layunin ng mga ito.

I. **Title VII, Subpart B ng McKinney Vento-Homeless Assistance Act:** Ang **Programa ng Edukasyon para sa Mga Bata at Kabataang Walang Tirahan** ay nagbibigay ng pagsasanay, teknikal na tulong, at pagsubaybay, gayundin ng pederal na pondo para masuportahan ang mga programa ng distrito ng paaralan na nagbibigay ng serbisyo sa mga mag-aaral na walang tirahan. Tinitiyak nito ang agarang pagpapatala at patuloy na pag-aaral ng mga bata at kabataang walang tirahan.

A. Title I, Part A: Pagpapahusay sa Mga Pangunahing Programa na Pinapatakbo ng Mga Lokal na Ahensyang Pang-edukasyon

Buod

Tinutugunan ng Title I, Part A ang suporta para sa lahat ng mag-aaral na nahihirapang matuto, at nilalayon nitong matugunan ang mga pagkakaiba-iba sa mga oportunidad sa pag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng naka-customize na suporta para makatulong na matiyak ang pagtatagumpay ng lahat ng mag-aaral.

Mga Pagtatasa sa Pangunahing Wika

Magbibigay ang OSPI ng mga pagtatasa sa pangunahing wika sa pinakamadadalas gamiting wika sa ating estado para sa mga pagtatasa sa buong estado sa matematika at agham.

Taunang inuulat ng Office of Bilingual Education ng OSPI sa Washington State Legislature ang bilang ng mga mag-aaral na gumagamit ng ibang wika bukod pa sa Ingles. Sa ulat noong 2016, may 215 wika bukod pa sa Ingles na ginagamit ng 119,844 na nag-aaral ng Ingles sa Washington.

Pananagutan

Babalansehin ng OSPI ang tumpak at masinsinang pag-uulat ng mga subgroup habang pinapanatili ang indibidwal na privacy para sa mga mag-aaral at guro. Pagsasama-samahin ng Washington ang tatlong taon ng datos para sa mga layunin ng pananagutan, at ang pinagsama-samang (mahigit tatlong taon) minimum na bilang ng mga mag-aaral na isasama ay 20.

Isasantabi ng mga pangmatagalang layunin sa high school ng Washington ang mga rate ng pagtatapos sa paaralan, at sa halip ay tutuon ito sa pagpapaliit ng pagkakaiba sa mga rate ng pagtatapos ayon sa subgroup. Upang magawa ito, iminumungkahi ng SEA ang pagtatakda ng 90 na porsyentong minimum na rate ng pagtatapos ayon sa subgroup.

Daragdagan ng estado ang porsyento ng Mga Nag-aaral ng Ingles na nakakakuha ng mataas na marka sa pagtatasa ng Kahusayan sa Wikang Ingles, kung kaya magkakaroon ng mga serbisyo sa exit program nang isang porsyento kada taon sa loob ng susunod na tatlong taon. Muling susuriin ang layuning ito at itatakdang muli sa loob ng tatlong taon kapag pumili ng mga paaralang susuportahan at kapag mas marami na kaming datos upang masabihan ang mga target.

Talahanayan 1. Pangkalahatang-ideya ng mga indicator ayon sa grade span.

Grade Span	Mga Academic Indicator			Mga Indicator ng Kalidad ng Paaralan o Pagtatagumpay ng Mag-aaral
Elementarya	Kahusayan sa mga pagtatasa sa buong estado sa ELA at Matematika	Akademikong pag-unlad ayon sa nasukat ng Student Growth Percentiles (SGP)	Progreso ng Nag-aaral ng Ingles	Madalas na Pagliban
Katamtaman				
Mataas	Kahusayan sa mga pagtatasa sa buong estado sa ELA at Matematika	Rate ng Pagtatapos	Progreso ng Nag-aaral ng Ingles	Madalas na Pagliban
				Mga Nasa Ika-9 na Baitang na Magtatapos

Grade Span	Mga Academic Indicator			Mga Indicator ng Kalidad ng Paaralan o Pagtatagumpay ng Mag-aaral
				Pagkuha ng Advanced na Kurso (dual credit)

Ang mga indicator ng nakamit sa akademya ang magiging sukatan ng mga pagtatasa ng kahusayan sa sining ng wikang Ingles at matematika. Ibinibigay ng Washington ang mga pagtatasa ng Smarter Balanced sa sining ng wikang Ingles at matematika taun-taon sa mga nasa ika-3 hanggang ika-8 baitang at isang beses sa high school. May apat na antas ng performance at ituturing na natugunan ng mga mag-aaral ang pamantayan ng estado kung maaabot nila ang Level 3 o 4, at inilalarawan ang indicator ng nakamit sa akademya bilang porsyento ng mga mag-aaral na nakakatugon sa pamantayan.

Gagamitin ng Washington ang rate ng pagtatapos ng cohort na na-adjust sa apat na taon para sa indicator ng pagtatapos sa high school. Sinusunod ng pamamaraan sa rate ng pagtatapos ang pederal na gabay (Rate ng Pagtatapos sa High School ng NCLB [NCLB High School Graduation Rate], Hindi Panregulasyong Gabay [Non-Regulatory Guidance], Disyembre 22, 2008) at batay ito sa kung kailan unang pumasok ang mga mag-aaral sa ikasiyam na baitang, na isasaayos para sa mga mag-aaral na lilipat o aalis sa paaralan. Ipinapatungkol ang status ng pagtatapos ng mag-aaral sa pinakahuling pinasukang paaralan nila. Noong 2010 pa ginagamit ng Washington ang pamamaraan ng pagtatapos na ito.

Sa pagtanggap na naaangkop para sa ilang mag-aaral ang mas mahabang timeframe ng pagtatapos, ang accountability framework (inilarawan sa Seksyon 4v) ay magsasama ng pataas na adjustment para sa mga paaralan kung saan mataas-taas ang porsyento ng nakakapagtapos na mag-aaral sa pinalawig na timeframe.

Ang Washington ay bahagi ng isang consortium na bumuo sa ELPA21, isang bagong pagtatasa ng kahusayan sa wikang Ingles na may apat na domain (ibig sabihin, pagbasa, pagsulat, pakikinig, at pagsasalita) na sumusunod sa pangkaraniwang set ng mga pamantayan ng kahusayan sa wikang Ingles. Ang accountability measure ay ang porsyento ng mga mag-aaral na nagkakaroon ng magandang pagbabago sa programa sa loob ng anim na taon.

Isasama ng Washington ang tatlong hakbang ng kalidad ng paaralan o tagumpay ng mag-aaral: regular na pagpasok, mga ninth grader on track, at advanced course taking. Sumailalim ang bawat hakbang sa masinsinang outreach at pagsusuri ng stakeholder. Bahagi ang mga ito ng performance management system ng Washington para sa layunin ng pagpapaliit ng mga kakulangan sa pagkakataon at pagdagdag ng pagkakapantay-pantay sa K–12 system at ipinapakita sa pampublikong website ng Washington.

Gagamit ang Washington ng pinagsama-samang maraming hakbang para sa patuloy na pagpapahusay ng mas naiibang mga paaralan, batay sa mga hakbang na nakasaad sa itaas.

Ang mga kumprehensibong suporta ng Washington at pagpapahusay ng mga paaralan ng Title I, Part A ay makikilala gamit ang sistema ng pinasama-samang maraming hakbang na nakasaad sa itaas, o ng apat na taon na antas ng pagtatapos ng wala pa 67 porsyento. Kakalkulahin ang mga hakbang gamit ang tatlong taon ng pinasama-samang datos. Pinagsasama ng paraan sa makabuluhang pag-iiba ng mga paaralan ang maraming indicator (na may markang 1–10 ang bawat isa) na may weighting system at nagbibigay ng marka mula 1 hanggang 10 para sa bawat paaralan. Gamit ang impormasyong iyon, ang pinakamababang gumaganang limang porsyento ng mga Title I, Part A na paaralan ay makikilala para sa kumprehensibong suporta, at magtatatag ang Washington ng pagpapahusay sa 5 porsyentong cut line. Gamit ang pare-parehong hakbang, makakatanggap ang mga karagdagang paaralan ng na-target na suporta kung bababa ang isa o higit pang subgroup sa threshold.

Mga Hindi Pantay-pantay na Antas ng Access sa Mga Guro

Nakakaranas ang Washington ng mga kakulangan sa pagkakapantay-pantay ng access sa magagaling na guro. May ilang subgroup ng mag-aaral hindi sapat na natuturuan ng mga guro na hindi mahusay, hindi naaangkop ang larangan, o kulang sa karanasan.

Bumuo ang OSPI ng maraming diskarte para sa pagtugon sa kakulangan ng pagkakapantay-pantay. Pakitingnan ang mga diskarteng naisaad sa Equity Plan para sa higit pang pagkakakilanlan ng mga pangunahing sanhi at plano ng OSPI para matugunan ang pantay-pantay na pagkakaroon ng mga guro.

Mga Kundisyon ng Paaralan

Tumitindig ang sistema ng edukasyon ng Estado sa pagbabawas ng mga insidente ng panliligalig, pambabastos, at pambu-bully; at paggawa ng positibong kapaligiran ng paaralan para sa lahat ng mag-aaral. Nagsagawa ang estado ng ilang malalaking hakbang para mapaganda ang mga kundisyon ng paaralan:

- Nagtakda ng mga kasanayan sa pagbubukod na pagdidisiplina at nagbigay ng karagdagang karapatan para sa legal na proseso para sa mga mag-aaral (ESSB 5946);
- Gumawa ng Discipline Task Force upang bumuo ng pagkuha ng datos at mga pamantayan sa paglalarawan;
- Nagsama ng gawi sa saklaw ng mga serbisyong pinapayagan ng LAP;
- Gumawa ng mga karagdagang pagkakataon sa propesyonal na pag-aaral para sa mga tauhan ng distrito;
- Nagtatag ng multi-tiered system ng suporta (hal., pang-akademiko, panlipunan, pang-emosyon, pag-iisip, pag-uugali, at pisikal) upang magsulong ng mas maaayos na kahihinatnan sa edukasyon.

Tingnan din

- Pagtatasa at Pagsusuri
- Pananagutan at Pangangasiwa sa Pagkakaiba-iba ng Oportunidad sa Edukasyon
- Toolkit para sa Pagtatapos
- Report Card ng Estado ng Washington
- Planong Pagkakapantay-pantay
- Menu ng Pag-uugali ng Pinakamahuhusay na Kasanayan at Diskarte

B. Title I, Part C: Edukasyon ng Mga Migranteng Bata

Buod

Nagbibigay ang OSPI ng gabay para sa mga distrito na matasa ang mga pangangailangan ng mga migranteng mag-aaral sa pamamagitan ng Edukasyon para sa Migrant. Kabilang sa mga natatanging pangangailangan sa edukasyon ang kahandaan sa pre–K, at mga suporta para sa hindi nag-aaral na kabataan, kabilang ang alternatibong programang pang-edukasyon.

Mga Layunin ng Measurable Program:

- Pataasin ang porsyento ng mga migranteng mag-aaral na nagkaroon ng mataas na marka sa sining ng wikang Ingles (Pagbabasa).
- Pataasin ang porsyento ng mga migranteng mag-aaral na nagkaroon ng mataas na marka sa matematika.
- Pataasin ang porsyento ng Priority for Service (PFS) ng mga migranteng mag-aaral na nakapagtapos sa high school kumpara sa mga hindi PFS na migranteng mag-aaral.
- Ihambing ang mga resulta ng pinakabagong pagsusulit sa English Language Proficiency (ELPA21, na ibinigay noong tagsibol ng taong 2016) upang makapagtatag ng baseline para sa paglago ng migranteng mag-aaral, PFS laban sa hindi PFS.

Ginawang prayoridad ng Title l, Part C Migrant Education Program (MEP) ng Estado ang paggamit ng mga pondo alinsunod sa pinakabagong naisagawang Comprehensive Needs Assessment at ng State Service Delivery Plan sa sumusunod na paraan:

- Nakakamit sa Pag-aaral sa English Language Arts (ELA) at Matematika
- Kahandaan ng Paaralan/Preschool
- Pagtatapos
- Suportang Pangkalusugan
- Pagkakakilanlan at Recruitment
- Pakikilahok/Pagsali ng Magulang

Tingnan din

- Office of Migrant and Bilingual Education (Tanggapan ng Edukasyon para sa Migrante at Bilingual)
- Dual Language Education and Resources (Edukasyon at Mga Mapagkukunan sa Dalawang Wika)
- Mga Karapatan ng Migranteng Mag-aaral

C. Title I, Part D: Mga Programa para Mapigilan at Matulungan ang Mga Bata at Kabataang Pinabayaan, Delingkwente, o Nasa Panganib

Buod

Gagawa ng plano ang Washington upang matiyak na ang lahat ng bata at kabataan ay matagumpay na makakalipat mula sa isang juvenile justice facility patungo sa isa pang juvenile justice facility o patungo sa isang lokal na programa ng paaralan. Sa darating na taglagas ng taong 2017, makikipagtulungan ang OSPI sa isang pangkat ng mga kinatawan ng lokal na distrito ng paaralan ng mga juvenile justice na paaralan upang bumuo ng gabay para sa lahat ng nangangasiwang juvenile justice youth ng LEA. Gamit ang gabay na iyon, aatasan ang bawat distrito na bumuo ng lokal na plano para sa pagbabago ng kabataan sa mga juvenile justice facility at lokal na programa ng paaralan.

Subpart 1 Mga Layunin at Resulta ng Programa

- Upang matugunan ang tumataas na antas academic grade sa matematika at pagbabasa: 50 porsyento o higit pang mag-aaral na binigyan ng mga Title fund sa mga kurso ng pagbabasa at/o matematika ang makakakuha ng hindi bababa sa isang grade level sa (mga) lugar kung saan sila makakatanggap ng mga serbisyo sa silid-aralan pagkalipas ng 90 araw.
- Upang matugunan ang papataas na pagkamit ng high school credit: Makakaipon ang mga mag-aaral ng credit sa antas na hindi bababa sa .1 na credit sa loob ng kada 15 oras ng klase sa loob ng hindi bababa sa 80 porsyento ng lahat ng klase
- Upang matugunan ang papataas na pagpapatala sa paaralan pagkatapos umalis: Hindi bababa sa 50 porsyento ng mga mag-aaral na nakatala sa loob ng 90 araw o higit pa ang maitatala sa isang programa ng high school diploma, GED preparation course, o muling maitala sa isang programa ng edukasyon kapag nakalabas na sila sa institusyon.

Subpart 2 Mga Layunin at Resulta ng Programa

- Upang matugunan ang tumataas na antas academic grade sa matematika at pagbabasa: Hindi bababa sa 50 porsyento ng mga mag-aaral sa programa ng paaralan sa loob ng 30 araw sa paaralan o higit pa ang mapapataas ang kanilang marka sa pagbabasa at/o matematika nang isang grade level o higit pa.
- Upang matugunan ang papataas na pagkamit ng high school credit: 100 porsyento ng mga mag-aaral na nakatala at nagtatapos ng gawain sa paaralan sa loob ng 10+ araw na magkakasunod ang makakaipon ng mga credit na oras sa paaralan o mga oras sa upuan.
- Upang matugunan ang papataas na pagpapatala sa paaralan pagkatapos umalis: Hindi bababa sa 50 porsyento ng mga mag-aaral na lalaya sa komunidad ang maitatala sa mga programa ng edukasyon ng komunidad sa loob ng 30 araw pagkatapos ng paglaya nila sa pasilidad.

Tingnan din

- Institutional Education (Edukasyon sa Institusyon)
- Institutional Education Resources (Mga Mapagkukunan para sa Edukasyon sa Institusyon)

D. Title II, Part A: Pagsuporta sa Mabisang Pagtuturo

Buod

Kapag napahusay ang kalidad ng guro at punong-guro, tataas ang pagkamit sa akademya ng lahat ng mag-aaral. Nagbibigay ang pondo ng Title II, Part A ng suporta para sa paghahanda ng guro at pagkwalipika ng mga bagong guro, pag-recruit at pagkuha, paglululuklok, propesyonal na pag-unlad, at pagpapanatili. May kakulangan sa pagkakapantay-pantay sa Washington na nauugnay sa mga pinakakwalipikadong guro, at nagsisikap na matugunan ang isyung iyon sa pamamagitan ng Ensuring Equitable Access to Excellent Educators Initiative ng estado.

Hanggang apat na porsyento ng halagang nakalaan para sa mga subgrant sa mga lokal na ahensya ng edukasyon (tinatayang $1.4 na milyon) ang magagamit upang masuportahan ang mga guro, punong-guro, at iba pang pinuno ng paaralan. Inirerekomenda ng Effective Educator Workgroup na bigyang prayoridad ng estado sa pagpopondo para sa pangunahing propesyunal na pagtataguyod. Kaunti lang o walang ibang pondo ang nakalaan para sa pagsasanay ng mga punong-guro, at nag-i-invest na nang husto ang estado sa pagtaguyod ng propesyonal na guro. Ang prayoridad para sa pagtataguyod ng punong-guro ay pagsasanay sa guro at pagsusuri sa punong-guro. Nilalayon ng OSPI na panatilihin ang flexibility sa hinaharap upang mapondohan ang propesyunal na pag-aaral para sa mga inisyatibo ng estado at pederal na kinabibilangan ng mga punong-guro. Ang pangunahing pinagtutuunan ng pagsuporta sa mabisang tagubilin ay upang mapatatag ang mga kakayahan ng mga guro at pinuno sa pagbibigay ng mga pangangailangan ng mga mag-aaral.

Dagdag pa rito, ilalaan ang pondo para sa pagsuporta sa mabisang pagtuturo na nakatuon sa recruitment at pananatili ng magagaling na guro, punong-guro, at iba pang pinuno batay sa propesyunal na pagtataguyod ng magagaling na guro at pagsasanay at suporta para sa mga leadership team sa pagtuturo.

Karapatan ng lahat ng mag-aaral na magabayan ng mga mahusay na guro. May ilang subgroup ng mag-aaral hindi sapat na natuturuan ng mga guro na hindi mahusay, hindi naaangkop ang larangan, o kulang sa karanasan. Nagsagawa ang OSPI ng root cause analysis upang matukoy at masimulan ang paglutas ng mga isyu na ito. Ang root cause analysis ay gumagamit ng framework na naaayon sa pagpapatuloy ng karera ng mga guro upang matukoy ang mga isyu na nakakaapekto sa sapat na access sa mahusay na mga guro na ipinakita sa itaas. Ang pinakakapansin-pansing puno't dulo ay ang kawalan ng sapat na pagpopondo sa lahat ng distrito para sa pagkuha ng mga mahusay na guro. Bilang unang hakbang sa pagpapahusay ng access, magpa-publish at taunang ia-update ng OSPI ang datos hinggil sa mga rate at kawalan ng balanse.

Itinatag ng OSPI ang Educator Workforce Development Workgroup upang gumawa ng patakaran at mga inisyatiba sa pagpopondo, at upang magbigay ng saloobin sa pagpapatupad ng Equity Plan, kamakailang pagsasabatas ng kakulangan ng guro at iba pang inisyatiba na nasa antas ng estado upang mapahusay ang lakas-paggawa ng guro sa Washington.

Iniaatas ng ESSA na ang lahat ng paraeducator sa Title I, Part A ay makatugon sa sertipikasyon ng estado at mga kinakailangan sa paglilisensya. Sa kasalukuyan, ang Washington ay walang sertipikasyon ng estado at hindi nag-aatas ng mga kinakailangan para sa mga paraeducator. Bagama't binigyan ng awtorisasyon ng Washington Legislature ang isang Paraeducator Work Group na magbigay ng mga rekomendasyon para sa mga pamantayan, ngunit hindi pa naipatupad ang mga ito. Dahil dito, papanatilihin ng OSPI ang mga kwalipikasyon para sa paraeducator na iniaatas alinsunod sa No Child Left Behind (NCLB) hanggang sa dumating ang panahon na ipatupad at pondohan na ng Lehislatura ang Mga Pamantayan para sa Paraeducator.

Ipinapakita ng talahanayan sa ibaba ang mga ibig-sabihin at pamantayan na gagamitin ng OSPI sa pagbibigay ng datos sa mga guro na hindi mahusay, hindi naaangkop ang larangan, o kulang sa karanasan.

Pangunahing Termino	Pambuong Estado na Kahulugan o Mga Pambuong Estado na Alituntunin
Mahusay na Guro	Ang mga guro at punongguro na may mahigit 3 taon ng karanasan ay ituturing na mahusay kung natanggap nila ang mga sumusunod na summative na marka sa TPEP: 4-Napakahusay (Distinguished) 3-Mahusay (Proficient)
Guro na Nagpapakita ng Kahusayan	Kikilalanin ang guro at mga punongguro na nagpapakita ng kahusayan sa pagsisimula ng karera* sa 0–3 taon ng kanilang karera kung nakatanggap sila ng "2" sa TPEP. Kikilalanin silang mahusay sa marka na 3 o 4. Kung maglalaan ang pederal na pamahalaan o ang estado ng pondo upang bigyang-pansin ang mga hindi mahusay na guro, ang mga guro na nasa kategorya na nagpapakita ng kahusayan sa pagsisimula ng karera ay magiging kwalipikado para sa propesyonal na pagsasanay na kaakibat ng trabaho.
Hindi Mahusay na Guro	Kikilalanin ang guro at mga punongguro na hindi mahusay kung: Mahigit 3 taon ng karanasan: 2-Karaniwan (Basic) 1-Mas Mababa sa Karaniwan (Below Basic) 0–3 taon ng karanasan: 1-Mas Mababa sa Karaniwan (Below Basic)
Guro na Hindi Naaangkop ang Larangan	Isang guro na itinalagang magturo ng mga pangunahing pang-akademikong klase ngunit hindi ganap na naendorso sa (mga) itinuturong asignatura.
Guro na Kulang sa Karanasan	Mga guro sa silid-aralan na wala pa o nasa limang taon ang karanasan sa pagtuturo.

Gumagamit ang Washington ng evaluation at sistema ng suporta para sa mga guro at punong-guro, ang Teacher and Principal Evaluation Program, (TPEP). Ang TPEP ay resulta ng pagtutulungan ng OSPI, Washington Education Association, Association of Washington School Principals, Washington Association of School Administrators, Washington State Parent Teacher Association (PTA), at ng Washington State School Directors Association.

Gumagamit ng TPEP ng direktang pagmamasid, mga sukatan sa pag-unlad ng mag-aaral, at iba pang patunay upang mabigyan ng evaluation ang propesyunal na kawani.

Magagamit ng mga distrito ng paaralan ang isa sa tatlong evaluation rubrics: Framework para sa Pagtuturo, 5D+ Teacher Evaluation Rubric, o Marzano Teacher Evaluation Model. Ginagamit ang bawat framework ng tinatayang sangkatlo ng 295 distrito ng paaralan sa Washington.

Kapag nilapat ang bawat isa sa tatlong framework, magreresulta isang rating para sa guro na:

1. Hindi Kasiya-siya (Unsatisfactory)
2. Basic
3. Mahusay (Proficient)
4. Napakahusay (Distinguished)

Ang mga provisional na guro, na may tatlo o mas kaunting taon ng karanasan ay makakatanggap ng kumprehensibong evaluation kada taon, pagkatapos ay tuwing ikaapat na taon pagkatapos noon.

Ine-evaluate ang mga punong-guro gamit ang Washington State Principal Leadership Framework, o ang Marzano School Leadership Evaluation Model.

Nagpapatupad ang OSPI ng ilang pagbabago sa TPEP. Mapipili ng mga distrito na maipatupad ang mga pagbabago sa 2016–17 o 2017–18 na taon ng paaralan. Dadalhin ang marka mula sa pinakahuling Comprehensive evaluation sa Focused evaluation. Mahihikayat nito ang mga guro at punong-guro na maipahayag ang mahihirap na bahagi sa proseso ng Focused evaluation. Pinalawak ang obserbasyon, na isang mahalagang bahagi ng proseso, upang maisama ang mga aktibidad na maaaring isagawa sa labas ng silid-aralan o pasok sa paaralan.

Tingnan Din

- Kalidad ng Guro at Punong-guro
- Sertipikasyon ng Estado ng Washington (Washington State Certification)
- Inisyatibong Plano ng Estado sa Pagtitiyak ng Estado ng Washington sa Pantay na Pagkakaroon ng Magagaling na Guro (Equity Plan)
- Teacher/Principal Evaluation Program (Programa para sa Evaluation ng Guro/Punongguro, TPEP)
- Pagsisimula ng Educator Support Team
- Professional Educator Standards Board Educator Pathways
- Mga Kinakailangan sa Paraeducator

E. Title III, Part A, Subpart 1: Pag-aaral ng Wikang Ingles at Pagpapaunlad ng Kaalaman sa Wika

Buod

Tinutugunan ng Title III, Part A ang mga natatanging pangangailangan ng mga kwalipikadong mag-aaral na may ibang wika at kultura upang mapahusay ang kaalaman sa wika na magiging daan para makakuha ng mga grade level curriculum at edukasyon.

Ang mga mag-aaral ay kinikilala bilang mga mag-aaral ng wikang Ingles batay sa kanilang survey ng wika sa bahay at sa kanilang marka sa screener sa husay sa wikang Ingles na inaprubahan ng estado, ELPA21 (simula taglagas ng taong 2017). Tinatasa ng screener ang mga domain ng wika ng pagbabasa, pagsusulat, pakikinig, at pagsasalita. Inaatasan ang mga distrito na bigyan ang screener ng 10 araw ng pagpapatala. Kwalipikado ang mga mag-aaral na mababa ang marka sa proficient o transitional level para sa mga serbisyo sa pagpapahusay ng wikang Ingles.

Sinusuri ang mga nag-aaral ng Ingles taun-taon gamit ang ELPA21, o ELPA21 na may mga accommodation para sa mga nag-aaral ng Ingles na may malalaking problema sa cognitive.

Kinikilala ang mga mag-aaral bilang Emerging, Progressing, o Proficient, batay sa kanilang mga resulta sa pagtatasa. Ang mga mag-aaral maituturing na Nagpapakita ng Husay o Humuhusay ay patuloy na makakatanggap ng mga serbisyo sa pag-unlad sa wikang Ingles, habang hindi na makakatanggap ang mga Mahusay na mag-aaral ng mga serbisyo sa pag-unlad sa wikang Ingles.

Sa loob ng dalawang taon pagkatapos lumabas ang mga mag-aaral sa mga serbisyo ng pagpapaunlad ng wikang Ingles, nakakatanggap ang mga distrito ng mga karagdagang pondo ng estado upang masubaybayan ang kanilang paghusay sa akademya at mabigyan sila ng suporta sa akademya kung mababa sila sa grade level o hindi nila natugunan ang taunang pagtatasa sa sining ng wikang Ingles, matematika, o agham.

Susuportahan ng SEA ang mga LEA sa pagtugon sa mahihirap na pamantayang pang-akademiko ng estado sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga kinakailangang pagtatasang pang-akademiko sa mga pangunahing wika hanggang sa pinapayagan sa ilalim ng ESSA Title I, Part A.

Magbibigay rin ang SEA ng direkta at virtual na teknikal na tulong upang matulungan ang mga LEA sa pag-aayos ng mga patakaran at kasanayan na nagpapataas sa EL academic achievement at kahusayan sa wikang Ingles. Bukod pa sa regular at direktang teknikal na tulong sa mga LEA sa pamamagitan ng pagtawag, email, at mga virtual na pulong, magbibigay ang mga tauhan ng SEA ng mga personal at online na propesyunal na aktibidad sa pag-aaral at web-based toolkit tungkol sa mga paksa gaya ng pagsuporta sa nahihirapang ELs sa pangunahing tagubilin, na tumutugon sa mga natatanging pangangailangan ng mga bagong pasok, umiiwas sa EL disproportionality sa special education, at paggawa ng mga dual language program para sa ELs.

Tingnan Din

- Migrant and Bilingual Education Program
- Mga Pamantayan sa Kahusayan sa Salitang Ingles
- Dual Language Education and Resources
- Mga Karapatan ng Migranteng Mag-aaral

F. Title IV, Part A: Suporta sa Mag-aaral at Mga Grant para sa Pagpapayaman sa Edukasyon

Buod

Ang Suporta sa Mag-aaral at Mga Grant para sa Pagpapayaman sa Edukasyon ay nagbibigay sa lahat ng mag-aaral ng balanseng edukasyon kabilang ang mga programa gaya ng pagpapayo para sa kolehiyo at trabaho, Science, Technology, Engineering, and Mathematics (STEM), sining, sibika, at mga kurso sa International Baccalaureate/Advanced Placement. Sinusuportahan nito ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng kumprehensibong kalusugan ng pag-iisip sa paaralan, pagpigil sa paggamit ng droga at karahasan, at edukasyong pangkalusugan at pisikal. Panghuli, nagbibigay ito ng suporta para sa mabisang paggamit ng teknolohiya.

Gagamitin ng Washington ang mga pondo para sa estado sa ilalim ng bahaging ito upang magbigay ng pagsubaybay, teknikal na tulong, at capacity building sa mga distrito upang matugunan ang mga layunin ng programang ito.

Gagamitin ng Washington ang mga pondo ng Title IV, Part A, Subpart 1 para magbigay ng mga allocation sa bawat LEA gaya ng nakasaad:

- Kalkulahin ang porsyento ng pondong natatanggap ng bawat LEA batay sa halagang natatanggap nito sa ilalim ng subpart 2 ng Title I, Part A sa loob ng darating na taon ng pananalapi.
- Tiyaking walang LEA ang makakatanggap ng allocation na mababa sa $10,000.
- Kung may anumang allocation sa LEA ang mas mababa sa $10,000, babawasan ng OSPI ang mga ito gaya ng iniaatas ng ESSA Section 4105(b).

Tingnan Din

- STEM education sa Washington
- Teknolohiyang pang-edukasyon
- Advanced Placement/International Baccalaureate Program

G. Title IV, Part B: Mga Learning Center sa Komunidad sa Ika-21 Siglo

Buod

Ang layunin ng Mga Learning Center sa Komunidad sa ika-21 Siglo ay magbigay ng mga pagkakataon para sa mga komunidad na makapagtaguyod o makapagpalawak ng mga aktibidad na—

- Magbigay ng mga pagkakataon para sa pagpapaunlad ng akademiko, kabilang ang mga serbisyo ng tutorial upang matulungan ang mga mag-aaral, partikular na ang mga mag-aaral na pumapasok sa mga low-performing na paaralan, upang matugunan ang mahihirap na pamantayang pang-akademiko ng Estado sa loob ng mga oras na wala sa paaralan;
- Mag-alok sa mga mag-aaral ng maraming karagdagang serbisyo, programa, at aktibidad, gaya ng mga aktibidad para sa pagpapahusay ng kabataan, service learning, edukasyon para sa nutrisyon at kalusugan, mga programa sa pagpigil ng droga at karahasan, mga counseling program, sining, musika, mga programa ng physical fitness at wellness, mga program sa edukasyong panteknolohiya, mga financial literacy program, mga environmental literacy program, matematika, agham, mga career at technical program, mga internship o apprenticeship program, at iba pang kaugnayan sa in-demand na sektor pang-industriya o trabaho para sa mga mag-aaral ng high school na idinisenyo upang makatulong at mapahusay ang regular na programang pang-akademiko ng mga kalahok na mag-aaral, at
- Mag-alok sa mga pamilya ng mga mag-aaral na binibigyan ng serbisyo ng mga learning center sa komunidad ng mga pagkakataon para sa aktibo at makabuluhang pakikilahok sa edukasyon ng mga bata, kabilang ang mga pagkakataon para sa literacy at nauugnay na pagpapahusay sa edukasyon.

Gagamitin ng OSPI ang siyamnapu't tatlong porsyento (93 percent) ng mga pondong naka-allocate para sa Title IV, Part B upang maibigay sa mga competitive 21st CCLC grant para matugunan ang layunin ng programa.

Inaatasan ang mga programang magbigay ng mga aktibidad na:

1. Iniaalok sa mga oras na wala sa paaralan o mga period kung kailan walang session sa paaralan
2. Tumutulong at nagpapahusay sa mga regular na programang pang-akademikong pinapasukan ng mga mag-aaral na binibigyan ng serbisyo
3. Sumusunod sa mahihirap na pamantayang pang-akademiko ng Estado
4. Nakatuon sa mga pangangailangang pang-akademiko ng mga mag-aaral at sumusunod sa tagubilin na natatanggap ng mga mag-aaral sa araw ng pasok

Gagamitin ng OSPI ang hanggang dalawang porsyento ng pondo para sa pagpapatupad ng programa, at magdaragdag ng limang porsyento ng mga pondo para sa mga aktibidad ng estado, kabilang ang pagsubaybay at pagsuri, capacity building, pagsasanay, teknikal na tulong, koordinasyon, at pakikilahok ng komunidad.

Tingnan Din

- Mga Learning Center sa Komunidad sa ika-21 Siglo ng Washington

H. Title V, Part B, Subpart 2: Programa para sa Rural at Mababang Kita na Paaralan

Buod

Ang Title V, Part B ay isang inisyatibo ng pederal na idinisenyo upang matugunan ang mga natatanging pangangailangan ng mga rural na distrito ng paaralan. Ang mga distritong ito ay kadalasang kulang sa mga tauhan at mapagkukunang kinakailangan upang makipagsapalaran para sa mga pederal na competitive grant at kadalasang nakakatanggap ng mga formula allocation na masyadong maliit upang magamit nang mabisa para sa mga layunin ng mga ito.

Gagamitin ng OSPI ang mga grant sa programang Rural and Low Income School (RLIS) upang matulungan ang mga rural na distrito na gamitin nang mabisa ang mga pederal na mapagkukunan upang masuportahan ang lahat ng mag-aaral at matugunan ang mga kakulangan para sa mga mag-aaral na dati nang hindi naserbisyuhan ng ating sistema ng edukasyon. Kikilalanin ng mga kwalipikadong LEA ang mga natatanging pangangailangan kung saan malalapat ang mga pondong ito at magbibigay ng plano para sa pagkuha at pag-ulat ng datos upang masuri ang paghusay sa mga napiling layunin at resulta.

Ibibigay ang teknikal na tulong sa mga kwalipikadong LEA nang tuluy-tuloy bilang bahagi ng pamamahala ng regular na grant, kabilang ang mga abiso sa mga LEA tungkol sa mga kinakailangan sa aplikasyon, timeline, pagbabago sa kwalipikasyon, suporta para sa dually eligible na bibigyan ng grant ng Small Rural School Achievement (SRSA)/RLIS, at outreach sa mga LEA na maaaring magkaroon ng benepisyo mula sa gabay sa mga pinapayagang paggamit ng mga pondo at innovative/mahuhusay na kasanayan.

Ang patuloy na paglahok ng Washington sa Northwest Rural Innovation and Student Engagement (NW RISE) network ay nagbibigay ng incubator para sa mga makabuluhang kasanayan upang magsulong ng pakikilahok ng mag-aaral at masuportahan ang pagkamit ng lahat ng mag-aaral, na naaangkop sa pinaka-rural at malalayong LEA at mga kwalipikado sa RLIS.

Kinikilala ng proseso ng Consolidated Program Review ng Estado ang maliliit, rural at mababang kitang LEA bilang magkakaroon ng benepisyo mula sa mga pagsusuring nasukat at naisagawa gamit ang pag-unawa ng mga hamon sa pagpapatupad na kinakaharap ng nasabing LEA. Nagpapatupad ang OSPI ng teknikal na tulong sa lahat ng pagsusuri at partikular na nakatuon sa maliliit na rural na LEA para sa mga nabago at nasukat na proseso para sa subrecipient monitoring.

Tingnan Din

- Programa para sa Mga Paaralan sa Kanayunan at May Mababang Kita (Rural and Low-Income Schools Program)
- Programa para sa Nakakamit na Edukasyon sa Kanayunan (Rural Education Achievement Program)

I. Programa ng Edukasyon para sa Mga Bata at Kabataang Walang Tirahan, McKinney-Vento Homeless Assistance Act, Title VII, Subtitle B

Buod

Nagbibigay ang Title VII, Subtitle B ng pagsasanay, teknikal na tulong, at pagsubaybay, gayundin ang pederal na pondo para masuportahan ang mga programa ng distrito ng paaralan na nagbibigay ng serbisyo sa mga mag-aaral na walang tirahan. Tinitiyak nito ang agarang pagpapatala at patuloy na pag-aaral ng mga bata at kabataang walang tirahan.



Upang pinakamainam na mapangasiwaan ang pagkilala sa mga bata at kabataang nakakaranas ng kawalan ng tirahan, nagbibigay ng mga questionnaire tungkol sa pabahay nang hindi bababa sa isang beses kada taon sa mga magulang ng bawat bata, at bawat walang kasamang kabataan, sa bawat distrito. Nagaganap ang pagbibigay ng questionnaire tungkol sa pabahay sa simula ng kada taong pampaaralan, at gayundin sa bagong pagpapatala para sa mga mag-aaral na papasok sa distrito sa buong taong pang-akademiko. Nagbibigay ang OSPI ng sample na format, na isinalin sa maraming wika, para sa mga distrito ng paaralan upang maipatupad at ma-customize para sa kanilang distrito. Isinasagawa kaagad ang pagpapatala ng mag-aaral at pagbibigay ng mga sumusuportang serbisyo kapag nagpatala upang matiyak ang napapanahong pagtuon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral na walang tirahan.

Sinusubaybayan ang bawat distrito ng paaralan sa estado sa pamamagitan ng proseso ng pederal na programa ng OSPI na Consolidated Program Review (CPR). Kabilang sa mga indicator ng pagsubaybay ang pagsunod sa liaison training, pagkakakilanlan, at pagpapatala ng mga mag-aaral, ang paggamit ng mga questionnaire tungkol sa pabahay upang makatulong sa pagkakakilanlan, at iba pang kinakailangan ng McKinney-Vento.

Ang OSPI ay nag-aalok ng regular at komprehensibong pagsasanay sa lahat ng LEA hinggil sa mga tungkulin ng distrito, kabilang ang mga iniaatas na nauugnay sa agarang pagkilala at pagpapatala ng mga bata at kabataan na walang tahanan, paggamit ng mga questionnaire at intake form sa pabahay, pagbibigay ng lahat ng serbisyo at suporta na kinakailangan para sa pang-akademikong tagumpay sa paaralan, at ang iniaatas para sa regular na pagkolekta at pag-uulat ng datos.

Nakikipagtulungan ang OSPI sa Washington State School Directors Association (WSSDA) simula taglagas ng taong 2016 upang mabuo ang binagong komprehensibong sample na patakaran ng distrito ng paaralan na patungkol sa edukasyon ng mga bata at kabataang walang tirahan. Dapat magpatupad ang lahat ng distrito ng patakaran (WSSDA 3115 o katumbas nito) na tumutugon sa edukasyon ng mga bata at kabataang walang tirahan.

Bumuo at nagpatupad ang OSPI ng three-tiered homeless dispute resolution policy noong 2002 upang matiyak na agarang nalutas ang mga pagharang sa pagbibigay ng edukasyon sa mga bata at kabataang walang tirahan.

Makakapasok ang mga batang walang tirahan sa Washington sa mga pampublikong programa ng preschool, na ipinapatupad ng SEA o ng LEA, gaya ng ibinibigay sa ibang bata sa Washington. Bilang karagdagan, ang mga competitive McKinney-Vento grant na iniaalok sa pamamagitan ng OSPI sa LEA ay may koordinasyon at mga nakatuong serbisyo para sa maaagang nag-aaral/preschooler na walang tirahan nang sa gayon ay makakapagpatala sila, makakapasok, at magtatagumpay sa mga programa ng preschool. Maaaring kabilang sa mga pagsisikap na ito

ang pagbibigay ng mga slot, pagkuha ng datos, at pagsasagawa ng mga pagtatasa ng mga pangangailangan ng komunidad na nauugnay sa maaagang nag-aaral na walang tirahan.

Inaatasan ng batas ng Washington ang mga distrito ng paaralan ng magbawas ng mga partikular na kurso para sa pagtatapos kung natapos na ang kaparehong coursework sa ibang distrito ng paaralan, at inaatasan din ang mga distrito ng paaralan na mag-consolidate ng partial credit, unresolved, o incomplete coursework at magbigay ng mga pagkakataon para sa credit accrual sa paraang naaalis ang mga balakid sa akademiko at sa labas ng akademiko para sa mag-aaral. Dagdag pa rito, dapat magbigay ang mga distrito ng paaralan ng partial credit para sa coursework na natapos bago ang petsa ng pag-alis o paglipat, at dapat tanggapin ng tatanggap na paaralan ang mga credit na iyon at ilapat ang mga ito sa academic progress o pagtatapos ng mag-aaral, o pareho; at payagan ang mag-aaral na makaipon ng mga credit anong petsa man nagpatala ang mag-aaral sa tatanggap na paaralan.

Tinitiyak ng OSPI na ang mga bata at kabataang walang tirahan *na nakakatugon sa mga nauugnay na pamantayan ng kwalipikasyon*, ay hindi nagkakaroon ng mga balakid sa pagkakaroon ng akademiko at mga extracurricular na aktibidad. Ipapatala ang mga bata at kabataang walang tirahan at ganap na makakalahok sa lahat ng aktibidad sa paaralan kung saan sila nakakatugon sa mga kinakailangan sa kwalipikasyon. Ang sports, kabilang ang mga varsity level na sports ay mga aktibidad sa paaralan. Nakikipagtulungan ang Opisina ng Superintendente ng Publikong Pagtuturo (Office of Superintendent of Public Instruction) sa Washington Interscholastic Athletic Association (WIAA) tungkol sa mga isyu patungkol sa kwalipikasyon sa athletic ng mag-aaral. Dapat sumunod ang mga athletic association sa mga iniaatas ng McKinney-Vento Act, at alisin ang mga balakid sa ng mag-aaral na walang tirahan na kwalipikadong lumahok sa sports; na nagbibigay ng espesyal na atensyon sa mga panuntunan ng paglahok na nauugnay sa pagpasok at paninirahan.

Ang mga mag-aaral na walang tirahan ay may pantay na access sa lahat ng programa ng paaralan, kabilang ang mga magnet school, summer school, career at technical education program, advance placement, online learning at charter school program.

Nagsisikap ang programa ng OSPI McKinney-Vento para maalis ang mga balakid na nauugnay sa bakuna at iba pang tala ng kalusugan sa patuloy na intensyunal na pakikipagtulungan sa mga lokal na distrito ng paaralan gayundin ang iba pang ahensya at entity na nagbibigay ng serbisyo sa mga mag-aaral na walang tirahan.

Pinapayagan na ng batas ng Washington (RCW 7.70.065) ang mga homeless liaison, nurse, at counselor ng mga paaralan na magbigay ng ipinabatid na pahintulot para sa hindi pang-emergency na pangangalagang pangkalusugan sa ngalan ng mga pasyenteng menor de edad na walang kasama at nakatugon sa paglalarawan ng bata o kabataang walang tirahan sa ilalim ng pederal na McKinney-Vento Homeless Education Act. Ang bagong layer ng access na ito sa medikal na pangangalaga para sa mahihinang kabataang walang kasama at walang tirahan, na maaaring walang nakukuhang karaniwang medikal at dental na pangangalagang pangkalusugan dati, ay mahalaga sa pagtugon sa mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan ng populasyong ito ng mga sumusulong na kabataan.

Pinagbabawalan ng batas ng Washington ang mga distrito ng paaralan na tumanggi sa pagpapatala dahil sa kakulangan ng patunay ng paninirahan. Nakasaad sa RCW 28A.225.215 na hindi dapat humingi ang isang distrito ng paaralan ng patunay ng paninirahan o anupamang impormasyon tungkol sa address para sa sinumang bata kung walang legal na tirahan ang bata. Bukod pa rito, dapat magpatala ang mga distrito ng paaralan ng anumang edad ng bata na kwalipikado para sa pagpapatala nang walang legal na tirahan ayon sa kahilingan ng bata o magulang o tagapag-alaga ng bata.

Makakatanggap ng pagsasanay ang lahat ng LEA liaison tungkol sa mga kinakailangan ng estado at pederal na nauugnay sa agarang pagpapatala ng mga mag-aaral na walang tirahan. Makikipagtulungan ang mga sinanay na lokal na liaison sa mga pamilya at walang kasamang kabataan upang makuha ang anumang nawawalang dokumentasyon na kadalasang kailangan para sa pagpapatala, gaya ng mga birth certificate, tala sa paaralan, o iba pang dokumentasyon, at ang anumang halagang nauugnay sa pagkuha ng dokumentasyon ay masasaklaw sa pamamagitan ng sub-grant ng McKinney-Vento na ibinigay ng OSPI, o pondo sa Title I, Part A Homeless Set-Aside.

Ang mga mag-aaral na walang tahanan ay minsang walang tagapag-alaga o may isyu sa pag-aalaga, at maaaring naninirahan kasama ang mga nasa hustong gulang na hindi nila magulang o tagapag-alaga. Makakatanggap ang mga liaison ng teknikal na tulong mula sa OSPI at mga referral sa mga mapagkukunang makakatulong sa pagtugon sa mga balakid na magmumula sa mga sitwasyong ito.

Maaaring gamitin ng mga McKinney-Vento grant award ang mga pondo upang magbigay ng mga naaangkop na uniporme, o iba pang kasuotan sa paaralan na kinakailangan upang pumasok at lumahok sa paaralan.

Nagbibigay ang programa ng McKinney-Vento ng mga workshop sa Annual OSPI School Counselor's Conference upang madagdagan ang kaalaman at ibahagi ang mga kinakailangan ng McKinney-Vento Act sa mga counselor ng paaralan, upang mas madaling makakuha ang mga mag-aaral na walang tirahan ng impormasyon at kaalaman tungkol sa mas mataas na edukasyon, kabilang ang FAFSA completion, mga college support system, at pagtatalaga ng independent student status.

Tingnan Din

- Edukasyon ng Mga Bata at Kabataang Walang Tirahan
- Datos ng Mga Bata at Kabataang Walang Tirahan